

# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo  
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## ~ Pagpapatala para sa Pampublikong paaralang elementarya sa Kawasaki City ~

1 Kailangang isagawa ang hakbang sa pag-aplay kung nais mag-enroll sa elementarya ang mga dayuhang bata. (Makipag-ugnay lamang sa Ward office, Kumin-ka, Kumin-gakari kung ang bata ay kakarating lamang sa bansang Hapon.)

2 Ang mga batang puwedeng mag-enroll sa elementarya sa school year 2013 ay ipinanganak noong ika-2 ng Abril, 2006 – Una(1) ng Abril, 2007.

3 Kahit mayroong mang Visa o wala makakapasok ang bata sa elementarya.

4 Mga kinakailangan para sa pag-aplay ① Shugaku Sensei Syo/ application form para sa enrollment (\*Makakuha ng application form sa mga Ward office, branch office, pati na sa mga office ng elementarya.) ② Ang mga dokumento na nagpapatunay ng tirahan at edad ng bata.

**[Para sa mga katanungan • Saan mag-aplay] Ward Office-Kumin-ka Kumin-gakari, Branch Office(Shisho) Kumin center Kumin-gakari, Local Office (Shutchou-jo) Kumin Daiichi-gakari**

※ Kahit kailan tinatanggap ang aplikasyon para sa enrollment.

Sa kadahilan na may health check-up, mangyaring mag-aplay lamang hanggang **sa Ika-13 ng Oktubre (Sabado) para sa mga Grade 1 Student.**

Sa karagdagan, para sa enrollment sa Junior High School, iabiso pagkatapos ng Disyembre.

## ~ Paraan ng pagpapa-health check up bago pumasok sa elementary. ~

Ang Health check-up para sa mga batang nais pumasok sa pampublikong paaralan ng elementarya (Grade 1) sa susunod na taon ay gaganapin mula Una ng Nobyembre (Huwebes) hanggang Ika-30 ng Nobyembre (Biyernes) sa mga paaralang elementary. Ipadadala ang sulat ukol sa araw at oras/lugar ng health check-up sa mga katapusan ng Septyembre.

**[Katanungan] Board of Edukasyon Kenkou Kyouiku-ka TEL : 0 4 4 - 2 0 0 - 3 2 9 3**



## Ika 35 Kawasaki Shimin Matsuri /Piesta para sa mga mamamayan ng Kawasaki (Pinakamalaking piesta sa loob ng Kawasaki City)

**[Araw at Oras]** Ika-2 ng Nobyembre (Biyernes) – Ika-4 ng Nobyembre (Linggo) 10:00~16:30

**[Lugar]** Sa loob ng Fujimi Park sa Kawasaki Ward 15 minutong lakarin mula sa JR/Keikyu Kawasaki Station

**[Nilalaman]** Restawran o tindahan ng ng iba't ibang bansa • Flea Market • Mga sayaw at tugtog ng iba't ibang bansa • Karanasan ng Earthquake simulation track • masasayang bisikleta at iba pa

☆ May parada mula 11:00 sa Ika-4 ng Nobyembre.

**[Katanungan] Kawasaki Shimin Matsuri executive committee office (Oras ng pagtanggap ng katanungan : week days 9:00~17:00) TEL : 044-200-2308 FAX : 044-233-4045**

## ~ “Leksyon ng pamumuhay para sa mga dayuhan” sa Kawasaki International Center ~

### Magluto tayo ng Japanese Food!

Magluto tayo ng Flower at Animal Futomaki zushi at pasayahin ang mga bisita sa Birthday/Home party !  
Si Gng. Nozomi Murata ang tagapagturo.

**[Araw at Oras]** Ika-13 ng Oktubre (Sabado)

11 : 00 ~ 14 : 00

**[Kapasidad]** 20 katao (First come First Serve basis)

**[Saan]** International Center 2F • Cooking room

**[pag-aplay]** Telepono • Pumunta sa Center

Telepono: 044-435-7000

### Alamin at Pag-aralan ang tungkol sa Nursery at Family Support Center

Leksyon para sa paghahanap at pag-aplay ng Nursery o Family Support Center para sa mga dayuhan na gustong ipasok ang kanilang mga anak sa mga pasilidad.

**[Taga-paliwanag]** Ms. Mika Satou sa Nakahara ward KodomoShien-Shitsu **[Araw at oras]** Ika-16 ng Oktubre (Martes) 13:00~14:30

**[Kapasidad]** 30 katao (First come First serve basis)

**[Saan]** International Center Group activity room

**[Pag-aplay]** Telepono • E-mail • FAX • Pumunta sa Center



Bayad 1000yen

Libre

# Kapag tumawag sa emergency call... (119)

## Dito sa bansang Hapon, ang 119 ay para sa ambulansya at bumbero.

★Ito ay pagpapaliwanag ng pangunahing paraan ng pagtawag sa 119. ★  
**Ang mga salita sa loob ng 「 」 ay mainam na isaulo sa wikang Hapon ! !**

«Payo at tulong : Bumbero sa Nakahara ward, Kawasaki City »

Bumbero	Tumawag	Punto
	Tumawag sa 119	Sa una, sabihin na hindi marunong mag-Japanese. <b>Mahinahong</b> sabihin ang situwasyon.
「Kochira 119 ban, kaji desuka? Kyukyu desuka?」 (119, sunog ba o ambulansya?)	Sunog⇒ 「 <b>Kaji desu.</b> 」 Ambulansya⇒ 「 <b>Kyukyu desu.</b> 」	<b>Malinaw na sabihin.</b>
「 <b>Jyusho</b> wa dochira desuka?」 (Saan po nangyari ito?)	「○○ku △△desu.」 (sa ○○ward △△ po.)	Sabihin din kung mansion o single family house ang lugar.
「Anata no <b>namae</b> wa?」 (Anong pangalan mo?)	「○○ ○○ desu.」 (Si ○○ ○○ po ako.)	<b>Dahan-dahan</b> na sabihin para maintindihan ng bumbero.
「Dou saremasita ka?」 (Ano pong nangyari?)	Saan 「Heya/ Douro/ Kouen de……」 (Sa kuwarto/ daan/ parke……) Sino 「Jibun/ otto/ kodomo ga ……」 (Ako/ ang asawa ko/ang anak ko ay……) Pangyayari 「Ude wo kitta/Onaka ga itai/Chi ga tomaranai……」 (nasugatan sa braso, masakit ng tyan, hindi tumitigil ang pagdurugo……)	Sabihin ang detalye ng situwasyon ng sugat. Gamitin ang madaling salita para sa paliwanag.
「Ookina byouki ya kega wo sita kotoga arimasuka?」 (Naranasan bang magkaroon ng malaking sugat o sakit?)	Kung may karanasan⇒ 「Aru」 Kung walang karanasan⇒ 「Nai」	
「 <b>Kakaritsuke no Byouin ga arimasuka?</b> 」 (Mayroon bang suking ospital na pinupuntahan?)	Kung mayroon⇒sabihin 「○○Byouin.」 Kung wala⇒Sabihin 「Arimasen.」 「Kyukyu sya wo onegai shimasu.」 (Magpadala lamang ng ambulansya)	
「 <b>Denwabangou</b> wo oshiete kudasai」 (Ano ang numero ng telepono ninyo?)	Sabihin ang numero ng telepono sa bahay o cell phone. 「○○ - ○○desu.」 (Ang number ko ay ○○-○○.)	
「Wakarimashita. Suguni Kyukyusha ga mairimasu.」 (Naintindihan ko na darating na kaagad ang ambulansya)		Kung mag-isa lang sa bahay posibleng tanungin kayo kung bukas ang susi sa pinto.

### Kawasaki International Center Pagpapayo para sa mga dayuhan

Para sa mga anumang katanungan o kung may problema kayo ,maaaring humingi ng payo.

•Oras ng pagpapayo (10:00-12:00,13:00-16:00) Telepono 044-435-7000

Wika	Araw
Ingles	Lunes-Sabado
Portugal	Martes/Biyernes
Koreano	Martes/Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes/Miyerkoles/Biyernes
Espanyol	Martes/Miyerkoles
Tagalog	Martes/Miyerkoles

Libre



•Kawasaki Ward Office Libreng Pagpapayo para sa mga dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	14:00-16:30
Intsik	Una at Ikatlong Martes	14:00-16:30
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00

•Asao Ward Office Libreng Pagpapayo para sa mga dayuhan

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	9:30-12:00
Intsik	Una at Ikatlong Martes	9:30-12:00
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	14:00-16:30

\* Libreng Konsultasyon sa Gyousei Syoshi/Immigration lawyer (Wikang Hapon) Saan : International Center 2F conference room

•Araw at Oras: Ika-21 ng Oktubre , Linggo 14:00-16:00 (Kailangang ang reserbasyon para sa interpreter service at may bayad)